# Philippine Biblical Worldview Institute

## Certificate in Christian Ministries

## 1004 Christian Parenting

**Conrad Jun Tolosa**

Revised April 4, 2022

***Ang ika-8 hakbang na dapat gawin ng magulang hinggil sa pagpapalaki ng anak ay ito*:**
***Pabayaang mamuhay ng sarili kapag dumating ng takdang panahon.***

Sinasabi sa Genesis 2:21-24 na: Hinayaan ng Panginoong Diyos na makatulog nang mahimbing si Adan. Habang siya ay tulog, kinuha ng Diyos ang isang tadyang ni Adan at muling isinara ang kanyang tagiliran. At nilikha ng Diyos ang babae mula sa tadyang na kinuha sa lalaki. Inilapit ng Diyos ang babae sa lalaki. Ang sabi ng lalaki: *Ito ay buto ng aking buto, laman ng aking laman; tatawagin siyang babae sapagkat siya ay nagmula sa lalaki*. Dahilan dito iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina upang makiisa sa kanyang asawa, at silang dalawa ay magiging isang laman.

Sa talatang ito, inihahayag ang isang napakahalagang kalooban ng Diyos tungkol sa pagiging mabuting magulang - - na darating ang takdang araw na dapat nang humiwalay ang anak sa magulang upang ito ay magsarili at magpamilya ng kanya. Kasama sa pagpapalaki ng mga anak ang sila ay ihanda sa araw na ito. Ang pagbibigay ng magandang halimbawa kung paano magmahal sa asawa, ang pag-unawa sa tamang kalikasan ng anak at ng mundong kanyang ginagalawan, ang paglalaan ng tahanan at tamang pagkain, ang pagtuturo, pagsasanay at pagbibigay ng direksyon, at ang paghahanda sa kanyang kinabukasan, ang limang hakbang na ito ay ginagampanan upang sa takdang panahon ang anak ay malayang hihiwalay sa magulang na may malaking pagtanaw ng utang na loob.

Itong daing na ito ay malimit mapakinggan sa mga lolo at lola: *May pamilya na ang aking anak ngunit ayaw pa ring humiwalay sa aming mag-asawa*. *Sa akin nakatira ang aking apo dahil parehong nagtatrabaho ang aking anak at manugang*. Ito naman ang pahayag ng isang nanay na nag-attend ng isang Parenting Seminar na ginanap sa aming barangay hall. *Pakiramdam ko ba ay parang balik-lampin ako. Gusto ko mang tumulong sa kanila pero suko na ako.*

Sa ating cultura, pangkaraniwan ang mga ganitong sitwasyon. Ang batang bahagya pa lamang lumalakad ay naka-intrega na sa lolo at lola dahil kailangang mag-abroad ng mag-asawa upang kumita ng pera. Para sa kanila, ito lang ang kasagutan upang maiangat ang kanilang kabuhayan.

Ang mag-asawang Benjie at Beth ay parehong malayo sa kanilang pamilya. Si Benjie ay seaman na naglalakbay sa iba-ibang parte ng mundo. Si Beth naman ay physical therapist sa isang ospital sa Saudi. Pinayuhan si Beth ng kanyang kapatid na bumalik na dito sa Pilipinas dahil maganda naman ang kinikita ng kanyang asawa bilang seaman. Ayaw ni Beth dahil gusto niyang makapagpatayo muna sila ng bahay bago siya bumalik. Maliit na raw ang kanilang tirahan para sa kanilang pamilya. Naisip ni Susie, na kapatid ni Beth, na napakaraming magandang bagay ang hindi nasasaksihan ng kanyang kapatid habang lumalaki ang kanyang anak. Subalit nakikita rin niyang lumalaki ang kanyang mga pamangkin na walang disiplina; ang lahat ng gusto ay sinusunod nina Lolo at Lola sapagkat may sapat na ipinadadala namang pera para sa kanila ang magulang na parehong OFW. Nakikita-kita na ni Susie na malaking problema ang haharapin nina Benjie at Beth pagbalik nila dito sa Pilipinas.

Ang pagtulong sa mga anak ay natural sa magulang kahit na ito'y may sariling pamilya na. Ito ang kanilang paraan nang pagpapakita ng pagmamahal sa anak. Ngunit dapat isipin ng magulang kung kailan siya tunay na nakatutulong at kung kailan ang pagtulong ay hindi nakabubuti. Ang mga anak na may pamilya na at nakatira pa sa mga magulang ay dapat unti-unting itinutulak palabas ng bahay. Hindi nila matututuhang pagsumikapan nang husto ang pagsasarili kung comportable sila sa pakikipisan sa kanilang mga magulang. Darating ang panahon na magkaka-*friction* ang magulang at ang anak o at ang manugang. Hindi maiiwasan ng magulang ang manghimasok at makialam sa problema ng mag-asawa kung ito ay lantad sa kanya. At mahirap namang ikubli ang problema ng mag-asawa sa magulang na kasa-kasama sa bahay. Ang pagsusumiksik ng mga anak na may pamilya na sa tahanan ng kanilang magulang ay nagiging dahilan ng overcrowding. At kung maliit lang ang lugar, ang mga bata ay siguradong hahantong sa kalye at doon maglalaro, iistambay at magpapalaboy-laboy.

Ang pagpapamilya ay pinaplano. Bahagi sa responsibilidad ng magulang ang maituro ito sa kanilang mga anak. Kung matuturuan muna ang mga anak tungkol sa mabigat na responsibilidad ng pagpapamilya at pagsasarili, maiiwasan ang mga ganitong senaryo. Maiiwasan ang pag-aasawa nang wala sa panahon. Maiiwasan din ang pagpapakasal na hindi pinagplanuhan at pinaghandaang mabuti.

Ang anak na naihanda sa mabuti at tamang paraan patungkol sa pagsasarili ay mayroong magandang kinabukasang hinaharap. Ang lumalagay sa tunay na tahimik ay may kabuhayan, may matitirhan at may potential sa pag-asenso sa buhay sapagkat sila ay may educasyon. Sila ay hindi sasandal sa magulang at magiging pabigat sa mga ito.

**Multiple Choice**

1. Si Adan ay pinatulog ng Diyos ng mahimbing upang
   a. Siya ay makapagpahinga
   b. Kumuha ng isang tadyang ni Adan
   c. Paggising niya ay mayroon na siyang kasama

2. Tinawag ni Adan na babae ang nilikha ng Diyos sapagkat
   a. Siya ay asawa ng lalaki
   b. Siya ay nagmula sa lalaki
   c. Lahat ng nasa itaas

3. Darating ang takdang araw na ang anak ay hihiwalay na sa kanyang magulang
   a. Upang madiskubre kung paanong mamuhay ng may kalayaan
   b. Upang magsarili at magpamilya ng kanya
   c. Upang matutong makapag-desisyon para sa sarili

4. Kasama sa pagpapalaki ng mga anak ay ang pagbibigay ng
   a. halimbawa kung sino ang dapat masunod sa loob ng tahanan
   b. magandang halimbawa kung paano magmahal sa asawa
   c. pagbibigay ng instruction kung paano maging competitive sa buhay

5. Responsibilidad ng magulang na unawain niya ang
   a. Tamang kalikasan ng anak at ng mundong kanyang ginagalawan
   b. Mga needs and wants ng kanyang mga anak
   c. Mga kahinaan at kalakasan ng anak

6. Ang paglalaan ng masasarap na pagkain at malaking bahay ay mga responsibilidad din ng magulang.
   a. True
   b. False

7. Ang pangingibang bansa ang tanging kasagutan upang maiangat ang buhay ng pamilya.
   a. True
   b. False

8. Ang pag-entrega ng mga anak sa lola at lolo ay nararapat lang upang ang mag-asawa ay makapag-trabaho ng maayos.
   a. True
   b. False

9. Ang mga magulang na nangingibang bansa ay maraming nami-miss-out habang lumalaki ang kanilang mga anak subalit okay lang ito basta tuloy ang sustento.
   a. True
   b. False

10. Walang magiging problema kung ang anak na may asawa na ay nakikipisan pa rin sa mga magulang niya sapagkat makakapagtulungan sila sa hirap at ginhawa.
    a. True
    b. False

11. Kung maituturo sa anak ang mabigat na responsibilidad ng pag-aasawa,
    a. Maiiwasan ang pag-aasawa ng wala sa panahon.
    b. Hindi na nila maiisip na mag-asawa pa.
    c. Iisipin na lang makipag-live-in para walang problema sa pakikipaghiwalay.

12. Ang overcrowding sa loob ng maliit na tahanan ay humahantong sa
    a. Mga bata na umiistambay, naglalaro at palaboy-laboy sa kalye.
    b. Pagiging mas malapit na pagsasama sa bawat isa.
    c. Higit na pagmamalasakit sa bawat isa.

13. Ang anak na naihanda sa mabuti at tamang paraan sa kanyang kinabukasan ay
    a. Nagiging mas responsable sa kanyang mga desisyon
    b. Mayroong magandang kinabukasang hinaharap
    c. Lahat ng nasa itaas

14. Ang lumalagay sa tunay na tahimik ay may?
    a. Kabuhayan o hanap buhay
    b. May matitirhan at may potential sa pag-asenso sa buhay
    c. May magandang educasyon
    d. Lahat ng nabanggit

© Revised: September 14, 2021 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.